**North Coast County Water District**
**Patakaran sa Terminasyon ng Residensiyal na Serbisyong Tubig**
**(May Bisa sa Pebrero 1, 2020)**

## 1. Background

Inayon ang patakarang ito para masunod ang mga obligasyon ng North Coast County Water District (Distrito) sa ilalim ng Kodigo ng Pamahalaan ng California Seksiyon 60370 *et seq.,* Kodigo ng Mga Pampublikong Utility ng California Seksiyon 10001 *et seq.* at Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan Seksiyon 116900 *et seq.*, na namamahala sa terminasyon ng ilang serbisyo ng utility. Inaatas ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan Seksiyon 116900 *et seq.*, ang Batas sa Proteksiyon sa Pagpatay ng Tubig na ipinatupad ng SB 998, ang mga urban na supplier ng tubig at urban at komunidad na sistema ng tubig tulad ng Distrito, na magpatupad ng nakasulat na patakaran patungkol sa pagputol ng serbisyong residensiyal dahil sa hindi pagbabayad. Makokontak ang Distrito sa telepono sa (650) 355-3462 para talakayin ang mga opsiyon para mapigilan ang pagputol ng serbisyong tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga tuntunin ng patakarang ito.

Ang patakarang ito ay makukuha at ipo-post sa website ng Distrito (http://www.nccwd.com/) sa Ingles, Espanyol, Tsino, Tagalog, Vietnamese, Koreano, at anumang ibang wika na sinasalita ng hindi bababa sa 10% ng mga residente sa lugar ng serbisyo.

## 2. Pagbabayad ng Serbisyong Tubig sa Tirahan

Ang bawat taong nakakatanggap ng serbisyong tubig mula sa Distrito ay kailangang magbayad ng nasabing serbisyo sa loob ng 20 araw ng pagpapadala sa koreo ng statement o singil. Maliban sa pinagbabawal ng batas, may karapatan ang Distritong putulin ang serbisyong tubig dahil sa kabiguang makagawa ng kumpleto at napapanahong bayad. Hindi ihihinto ng Distrito ang residensiyal na serbisyong tubig para sa hindi pagbabayad hanggang ang account ng subject ay naging delinkuwente ng hindi bababa sa 60 araw ng kalendaryo.

## 3. Bayad sa Pagiging Huli

Kung ang bayad sa singil ay hindi natanggap sa pagsasara ng negosyo sa ika-20 araw ng kalendaryo makalipas ang petsa ng singil, tinuturing ang account na “delinkuwente”. Sa ika-30 araw pagkalipas ng petsa ng singil, ang Bayad sa Pagiging Huli ay tatasahin ayon sa naitaguyod sa Iskedyul ng Rate at Bayarin ng Distrito.

## 4. Mga Kasunduan sa Pagbabayad

Ang sinumang kostumer na hindi makabayad ng serbisyong tubig o anumang ibang bayaring natasa ayon sa Iskedyul ng Rate at Bayarin ng Distrito o sa patakarang ito at sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad ay maaaring humiling ng pag-aayos sa bayad para maiwasan ang abala sa serbisyo. Magbibigay ang Distrito ng pag-aayos sa bayad o plano ng amortisasyon ayon sa natukoy sa patakarang ito para sa sinumang kostumer na wala pang aktibong pag-aayos sa bayad o plano sa amortisasyon.

Ang mga pag-aayos sa pagbabayad na umaabot sa susunod na panahon ng pagsingil ay tinuturing na plano na hulugan, na dapat ay nakasulat at kinumpirma ng kostumer. Ang plano ng amortisasyon ay mag-a-amortize sa hindi bayad na balanse sa panahong tinalaga

ng kostumer, na hindi lalagpas sa 12 buwan mula sa petsa ng kasunduan sa amortisasyon. Ang naka-amortize na pagbabayad ay pagsasamahin say maaaring isama sa, at sasailalim sa petsang nakatakda ang pagbabayad ng, regular na singil sa kostumer sa hinaharap. Ang kostumer ay dapat sumunod sa mga tuntunin ng plano ng amortisasyon at manatiling nasa kasaluluyan dahil ang mga singil ay naiipon sa bawat kasunod na panahon ng pagsingil. Hindi maaaring humiling ang kostumer ng karagdagang pag-amortize ng anumang kasunod na hindi bayad na mga singil habang nagbabayad ng mga delinkuwenteng singil alinsunod sa isang plano sa pag-amortize.

Ang kostumer na pumasok sa at sumunod sa amortisasyon o planong pag-aayos sa pagbabayad ay hindi ituturing na delinkuwente. Ang kabiguang sumunod sa mga tuntunin ng amortisasyon o plano sa pag-aayos ng pagbabayad ay magreresulta na ang kostumer ay maituturing na delinkuwente. Sasailalim ang kostumer sa pagputol kapag ang account ay delinkuwente ng 60 araw ng kalendaryo at ang mga karagdagang pag-aayos o ekstensiyon ay hindi makukuha para sa anumang bagong delinkuwenteng balanse, at ang kostumer ay hindi bibigyan ng alternatibong pag-aayos sa bayad sa hinaharap hanggang ang delinkuwenteng balanse ay nabayaran. Hindi mas maikli sa 7 araw ng negosyo bago ang pagdiskoneta, gagawa ang Distrito ng mabuting layuning pagsusumikap na kontakin ang kostumer ng nakabinbing diskoneksiyon sa telepono, koreo o email na abiso. Bilang karagdagan, ang panghuling Babalang Abiso sa Shut-Off ay ilalaan sa pamamagitan ng hanger sa pintuan na hinatid sa lugar nang hindi mas maikli sa 5 araw ng negosyo bago pa man ang paghinto ng serbisyo.

**5. <u>Mga Abiso</u>**

Ayon sa inaatas ng batas, aabisuhan ng Distrito ang kostumer na ang account ay nananatiling dati nang nakatakdang bayaran at ang higit na pagkilos sa pagkolekta ay paparating. Ang pamamaraan ng abiso ay sa pamamagitan ng telepono, koreo o abiso sa lugar. Walang inaakong responsibilidad ang Distrito para sa telepono, koreo o email na impormasyon sa pakikipag-ugnayan na hindi napanatiling up-to-date ng kostumer.

**6. <u>Nakasulat na Abiso sa Diskoneksiyon</u>**

Hindi ihihinto ng Distrito ang serbisyong tubig para sa hindi pagbabayad hanggang ang bayad ng kostumer ay naging delinkuwente ng hindi bababa sa 60 araw sa kalendaryo. Ang Distrito ay gagawa ng makatwirang, mabuting layuning pagsusumikap na kontakin ang kostumer sa pamamagitan ng sulat ng hindi bababa sa 7 araw ng negosyo bago ang paghinto ng serbisyong tubig dahil sa hindi pagbabayad. Ang nakasulat na abiso sa diskoneksiyon ay ipadadala sa address ng koreo na nakadesigna sa account at ihahatid o ipadadala sa koreo sa address ng serbisyo, kung iba sa address sa koreo. Kasama sa Nakasulat na Abiso sa Pagputol ang:

- Pangalan at address ng kostumer
- Halagang dati nang nakatakda ang pagbabayad
- Petsa kung saan ang bayad o pag-aayos sa pagbabayad ay kailangan para maiwasan ang paghinto ng serbisyo
- Paglalarawan ng proseso at pamamaraan para mag-apply para sa planong amortisasyon
- Paglalarawan ng proseso para itanggi o iapela ang singil
- Numero ng telepono ng distrito at web link sa nakasulat na patakaran sa Pagkolekta ng Distrito sa Pagwawakas ng Residensiyal na Tubig.

*Abiso sa Residensiyal na Umuupa/Umookupa sa isang Indibidwal na Nakametrong Tirahan:* Ang Distrito ay gagawa ng makatwirang, may mabuting layuning pagsusumikap

para abisuhan ang mga umookupa, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso, kapag ang account ng serbisyong tubig ay hindi bayad at sasailalim sa pagputol ng hindi bababa sa 10 araw ng kalendaryo bago ang pagputol ng serbisyong tubig. Aabisuhan ng nakasulat na abiso ang umuupa/umookupa na may karapatan silang maging mga kostumer ng Distrito nang hindi inaatasang bayaran ang nakatakdang halaga sa delinkuwenteng account, sa kundisyon na payag silang akuin ang pinansiyal na responsibilidad para sa mga kasunod na singil sa serbisyong tubig sa address na iyon. Upang ang umuupa/umookupa ay hindi masingil para sa delinkuwenteng halaga, dapat magbigay ang umuupa/umookupa ng pagpapatotoo ng pag-upa sa paraan ng kasunduan sa pag-upa o katibayan ng bayad sa pag-upa at patotohanan na ang may-hawak ng delinkuwenteng account ay ang kasera, may-arii ng pag-aari, o ibang ahente ng pag-aari.

*Abiso sa mga Unuupa/umookupa sa Maramihang- Yunit na Complex na Sineserbisyuhan gamit ang Master Meter:* Ang Distrito ay gagawa ng makatwirang, may mabuting layuning pagsusumikap para abisuhan ang mga umookupa, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso, kapag ang account ng serbisyong tubig ay hindi bayad at sasailalim sa pagputol ng hindi bababa sa 15 araw ng kalendaryo bago ang pagputol ng serbisyong tubig.

Aabisuhan ng nakasulat na abiso ang umuupa/umookupa na may karapatan silang maging mga kostumer ng Distrito nang hindi inaatasang bayaran ang nakatakdang halaga sa delinkuwenteng account, sa kundisyon na payag silang akuin ang pinansiyal na responsibilidad para sa kasunod na mga singil sa serbisyong tubig sa (mga) address na pinagsisilbihan ng master meter. Kung ang isa o higit pa sa mga umookupa ay payag at kayang akuin ang responsibilidad para sa kasunod na mga singil para sa serbisyong tubig sa kasiyahan ng Distrito, o kung mayroong pisikal na paraan, ligal na magagamit ng Distrito, ng selektibong pagtatapos ng serbisyo sa mga umookupa na hindi nakatugon sa mga kinakailangan para sa serbisyo, gagawing available ng Distrito ang serbisyo sa mga umookupa na nakatutugon sa mga kinakailangang iyon.

Kung ang Nakasulat na Abiso sa Diskoneksiyon ay isinauli sa pamamagitan ng koreo bilang hindi maihatid, gagawa ang Distrito ng makatiwirang, may mabuting layuning pagsusumikap na kontakin ang kostumer sa teleopno, at bumisita sa tirahan at mag-iwan ng abiso ng pagputol dahil sa hindi pagbayad.

## 7. <u>Babalang Abiso sa Shut-Off</u>

Ang Distrito ay gagawa ng makatwirang, mabuting layuning pagsusumikap na abisuhan ang kostumer ng bago pa man ang paghinto ng serbisyong tubig dahil sa hindi pagbabayad ayon sa nakatakda sa Patakarang ito. Ang huling paraan ng abiso ay nasa anyo ng hanger sa pintuan (Babalang Abiso sa Shut-Off) na hinatid sa lugar nang hindi mas maikli sa 48 oras bago pa man ang paghinto ng serbisyo. Ang Bayad sa Babalang Abiso sa Shut-Off ay ilalapat sa account para sa anumang nasabing abiso ayon sa naitaguyod sa Iskedyul ng Rate at Bayarin.

## 8. <u>Pagputol ng Serbisyong Tubig</u>

Puputulin ng Distrito ang serbisyong tubig sa pamamagitan ng pagpatay at pagkandado ng metro.

## 9. <u>Muling Pagkabit ng Serbisyong Tubig</u>

Upang ipagpatuloy ang serbisyo na pinutol dahil sa hindi pagbabayad, dapat magbayad ang kostumer ng Bayad sa Muling Pagkabit, ayon sa naitaguyod sa Iskedyul ng Rate at Bayarin.

Muling ikokonekta ng Distrito ang serbisyo sa panahong maisasagawa pero, sa pinakamababa, ay ibabalik ang serbisyo bago ang katapusan ng susunod na regular na araw ng trabaho kasunod ang bayad ng anuman anumang dati nang nakatakdang halaga at bayad sa pagiging delinkuwente na maitutukoy sa pagwawakas ng serbisyo. Ang serbisyong tubig na pinagana ng sinumang tao maliban sa tauhan ng Distrito o walang pahintulot ng Distrito ay maaaring sumailalim sa mga multa o karagdagang singil o bayarin. Ang anumang pinsalang maganap bilang resulta ng hindi awtorisadong pagbabalik ng serbisyo ay responsibilidad ng kostumer.

**10. <u>Muling Pagkabit ng Serbisyong Tubig Makalipas ang Oras ng Negosyo</u>**

Ang serbisyong naikabit muli makalipas ang 5:00 pm Lunes hanggang Biyernes, kapag weekend, o holiday ay sisingilin ng Bayad sa Muling Pagkonekta sa labas ng normal na oras ng negosyo, ayon sa naitaguyod sa Iskedyul ng Rate at Bayarin.

**11. <u>Abiso sa Disposisyon ng Isinauling Bayad</u>**

Sa pagtanggap ng tumalbog na tseke (o ibang paraan ng pagbabayad) na kinuha bilang bayad ng serbisyong tubig o ibang mga singil, isasauli ang account sa proseso ng pagiging delinkuwente na parang walang pagtangkang ginawa para bayaran ang nakatakdang balanse. Gagawa ang Distrito ng makatwirang, mabuting layuning pagsusumikap para abisuhan ang kostumer sa telepono, o e-mail ng isinauling bagay at ang katayuan sa pagiging delinkuwente ng account. Lahat ng halagang binayaran para makuha ang tumalbog na tseke at bayaran ang singil sa tumalbog na tseke (ayon sa nakatukoy sa Rate ng Distrito at iskedyul ng Bayad) ay dapat cash, credit card o mga certified na pondo.

**12. <u>Isinauling Bayad sa Dating Nadiskonektang Serbisyo</u>**

Sakaling nagbigay ang kostumer ng non-negotiable na tseke o itinangging credit card na bayad para maibalik ang serbisyong tubig na dating naputol dahil sa hindi pagbabayad at binalik ng Distrito ang serbisyo, maaaring agad putulin ng Distrito ang serbisyo nang hindi naglalaan ng higit na abiso. Walang abiso sa pagwawakas ang ibibigay sakaling may non-negotiable na tseke o huwad na credit card ang binigay na pambayad sa mga singil sa tubig ay sumailalim sa pagputol.

**13. <u>Mga Hindi Pinagkasunduang Singil at Patakaran sa Pagbabago dahil sa Tagas</u>**

Kung sa paniwala ng kostumer na sobra siyang nasingil para sa residensiyal na serbisyong tubig o nasingil para sa residensiyal na serbisyong tubig na hindi naibigay, maaaring itanggi ng kostumer ang halagang nakatakda sa pag-abiso sa Distrito sa pamamagitan ng sulat nang hindi lalagpas sa 10 araw ng kalendaryo mula sa petsa kung kailan natanggap ng kostumer ang hindi pinagkasunduang singil, sa PO Box 1039, 2400 Francisco Blvd., Pacifica, CA 94044. Susuriin ng Distrito ang impormasyong nilaan ng kostumer at iimbistigahan ang usapin. Ang General Manager, o designado, ay gagawa ng pagpasya batay sa lahat ng impormasyon at may awtoridad na iayon ang halagang nakatakda sa patas at makatarungang paraan, kung angkop.

Kung hindi sumasang-ayon sa desisyon ang kostumer, maaaring iapela ng kostumer, sa loob ng 10 araw ng kalendaryo mula sa pagpasya ng General Manager, ang pasya, sa pamamagitan ng pagsulat, sa Lupon ng mga Direktor. Rerepasuhin ng Lupon ng Mga Direktor ang talaan at gagawa ng determinasyon sa susunod nitong regular na pulong ng Lupon ng Mga Direktor. Ang pagpasya ng Lupon ng Mga Direktor ay magiging pinal.

May nakataguyod na Patakaran sa Pagbabago dahil sa Tagas ang Distrito para bawasan

ang mga pinansiyal na pasanin pagkatapos makaranas ng kostumer ng tagas sa kaniyang bahagi ng metro ng tubig.

Para maisaalang-alang ng Distrito ang pagbabawas sa singil sa tubig sa kostumer, dapat abisuhan ng kostumer ang Distrito tungkol sa tagas ng tubig sa loob ng 10 araw ng trabaho mula sa petsa kung kailan natanggap ng kostumer ang mataas na singil sa tubig at dapat ayusin ng kostumer ang tagas ng tubig sa loob ng 10 araw ng trabaho mula sa petsa kung kailan nalaman ng kostumer ang tungkol sa tagas ng tubig. Tingnan ang website ng Distrito para sa higit pang impormasyon: https://www.nccwd.com/billing/leak-adjustment-policy.html.